

**"I WOULD RATHER TAKE MY CHANCES  
WITH TOTAL ANARCHY THAN THIS  
CURRENT SYSTEM OF SCRIPTED POVERTY,  
BRAINWASHING, INTIMIDATION, AND  
NEVER ENDING WAR." --DON FREEMAN**

Yes, I am 100% anarchist. Anarchy, to me, is a belief that all transactions, all activity, should be voluntary. It is a peaceful philosophy of not forcing anyone to do anything and not allowing anyone else to force you to do anything.



# LAMANG - LOOB

ANG BAWAT ORGANISMO AY MAY PUWANG SA DAIGDIG NATIN

MAIKLING KOMENTARYO SA DISPALINHADONG PAG-UNAWA SA  
IDEYA NG *"SURVIVAL OF THE FITTEST"*

ANG WERPA NG MGA INSTITUTSYON PARA SA KONTROL AT  
DOMINASYON

MGA PINAGHALAWAN

Hinihikayat ang sinumang interesado na kopyahin ang sulating ito para sa  
malayang sirkulasyon, distribusyon at pagbabahagi.

BAS UMALI  
Disyembre 2017

Inilimbag ng Non-Collective (NC) at Onsite Infoshop

Walang *blue print* o absolutong solusyon ang sulating ito, bagkus ito ay nagmumungkahi na balikan ang ating mga katutubong kaalaman upang mailarawan ang ating mga alternatiba at mga panlipunang kaayusan sa hinaharap.

Ang direktang pagsasapraktika ng mga alternatiba sa ating pang-araw-araw na buhay ang pinaka-epektibong propaganda laban sa sistema ng konsyumerismo, patriyarkiya, otoritaryanismo at pagkasira ng kalikasan.

Sa halip na mag-aksaya ng lakas, oras at *resources* sa pagpapatalsik, pagboto at pagtangkilik sa mga puitiko ng kaliwa o kanang partido ta; direkta nating maa-atake ang mga institusyong nagpapatatag ng pang-aalipin at pagsasamantala sa pamamagitan ng direktang pagbabahagi ng mga kakayahan, kaalaman, pagkain at mga batayang pangangailangan.

Ang paggampan sa mga gawaing bahay katulad ng pagtatanim, pag-aruga sa mga anak o kapatid, paglalaba, pagluluto o paghuhugas ng mga pinagkainan ay ilan sa mga direng aksyon na tiyak na sasapul sa mga mainstream na sistema.

Ang paglahok sa mga kilos protesta ay isang opsyon subalit ito'y walang saysay kung ikaw ay nakapaloob lang din sa mga partidong walang hangd kundi maluklok sa kapangyarihan.

Higit na epektibo ang mga kilos protesta kung ito ay ayon sa ating mga sariling pagkukusa at direktang na-organisa ng ating mga kolektiba at pamayanan at hindi nalulukuban ng mga maka-kaliwa at mga opurtunistang pulitiko.

Mga pinaghalawan:

Kropotkin, Peter (1902) "Mutual Aid: A Factor of Evolution"

Childe, Gordon V. (1951) "Man Makes Himself"

## ANG BAWAT ORGANISMO AY MAY PUWANG SA DAIGDIG NATIN

**Ang anarkiya ay buhay na karanasan.** Taliwas sa ibang ideolohiya at pampulitikang pananaw, ang anarkiya ay hindi inimbento. Ito ay iniluwal ng aktuwal na praktika ng tao. Kung may inimbento man sa anarkiya, walang iba kundi ang katawagang anarki. Subalit ang diwa ng salitang ito ay umusbong bunga ng pangangailangan ng tao na magtulungan upang patuloy na umiral ang buhay at masiguro ang susunod na salin-lahi.

Ano ang mga bagay at kundisyon ang kailangan para masiguro ang kaligtasan at mapanatili ang buhay? Dalisay na hangin, tubig, pagkain, ispasyo, kapiling at kultura. Ang lahat ng mga ito ay kumbinasyon, kontradiksyon at mga ugnayan ng mga organismo at elemento sa ating likas na kapaligiran. Ito ay binubuo ng halu-halo, samu't-sari at iba-ibang buhay at proseso na direkta at indirektang nag-uugpong sa tuloy-tuloy na pagkilos ng mga sistemang buhay o di-buhay.

Binabanggit din sa syensa na ang napakaraming buhay na umiiral sa isang sistema ay palatandaan ng isang malusog na ekosistema. Samakatuwid, higit na marami at sari-sari mas mainam.

Isipin mo kung gaano ka-peligro ang kaisipang MONOPOLYO. Ito ang PAGTINGIN o TAKBO ng PAG-IISIP na NANINIWALA na may IISANG KATOTOHANAN.

Natural lang na kumbinsido ka sa “sarap” o “kagandahan” ng iyong ginagawa. Natural na may HINDI KA MAIBIGANG mga musika, pagkain, paniniwala o KULTURA sa kabuuan. Ang HINDI NATURAL ay kung ipagpalagay mo na superyor ang kultura mo. Ito ang kadalasang pinagmumulan ng diskriminasyon na nauwi sa pagmamaliit at paghamak. Ang mga pagturing na ito ay LUBHANG MAPAMINSALA. Ang pagtingin na ito ang nagbibigay *justification* o batayan upang ipagkanulo, iwasan, pandirihan, saktan o kitilin ang ibang tao buhay o puksain ang kultura.

Ang *extreme* o sukdulang patutunguhan ng monopolistang pag-uugali ay paglipol sa ibang hindi umaayon sa kanyang paningin at panlasa. Napakarami ng sintomas nito na may pangangailangang pag-isipan at mapag-aralan para sa mga posibleng alternatiba.

Ang isang malaking halimbawa ng sintomas ay ang ideya ng ANTHROPOCENTRISM.

Ayon sa Wikipedia ito ay:

*From Greek Ancient "human being"; and Ancient Greek: "center" the belief that considers human beings to be the most significant entity of the universe and interprets or regards the world in terms of human values and experiences.<sup>[2]</sup> The term can be used interchangeably with **humanocentrism**, and some refer to the concept as **human supremacy** or **human exceptionalism**. Anthropocentrism is considered to be profoundly embedded in many modern human cultures and conscious acts. It is a major concept in the field of environmental ethics and environmental philosophy, where it is often considered to be the root cause of problems created by human action within the ecosphere.*

[2]

Ang mga katutubo at komunidad ay may kani-kanyang sistema na nag-u-ugnayan sa pamamagitan ng kalakalan, kasalan, tunggalian at kamag-anakan. Halos walang naitatala ang mga iskolar sa ideya ng pananakop sa pagitan ng mga katutubong komunidad. May mga nagaganap na tunggalian sa pagitan ng mga pamayanan subalit hindi ito naka-disenyo para sakupin at gawing kolonya. Hindi katulad sa misyon at layunin ng mga kanluranin at Europa na manakop at maghasik ng kontrol at mangamkam sa mga lupang ninuno.

Mainam na kwestyunin ng tao kung bakit ang estado ang siyang may absolutong kontrol sa lahat ng mga likas-na-yaman ng tinatawag na teritoryo ng isang bansa. Paano naging pinakamakapangayarihan ang estado sa buhay ng tao at sa mga organismo? Gayundin, paanong ang simbahan ang nagtataglay ng absolutong katotohanan sa pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay?

-----

**Maraming mga sulatin ang nagpapapatotoo na ang malawakang karahasan, pagwasak ng mga kalikasan, kagutuman at iba't-ibang uri ng pang-aabuso ay hindi likas sa ating mga kulturang ninuno. Katulad ng iba pang katutubong sistema, ang ating mga ninunong sistema ay maraming kapintasan, subalit wala tayong nukleyar, malawakang pangdarahas, pangko-kontrol at sagarang pang-aabuso sa mga kalikasan at mga organsimo. Mga kagawiang estado, simbahan at kapitalsimo ang may layon na gawin ito.**

Ang kapangyarihan ng mga higenteng institusyong ito ang ugat ng miserableng kundisyon ngayon ng ating daigdig at mga pamayanan. Ang pagbasag sa kanilang kontrol ang siyang daan upang muli nating makamtan ang ating mga pansariling determinasyon.

Sa konteksto ng mga komunidad dito sa arkipelago ay may mga naisusulat na paliwanag na proseso ng pagkabuo ng mga institusyon na nagkokontrol ng kapangyarihan.

Pamilyar ka ba sa ideya ng **Regalian Doctrine**? Ito ang kaisipan at patakaran na minana natin sa mananakop na kung saan sinasabi nito na ang bansang “Pilipinas” ay pag-aari ng Espanya. Ang kaharian ng Espanya sa pamumuno ng hari ang siyang may absolutong kontrol sa mga nasasakupan nito kabilang nga ang Pilipinas.

Alam naman natin na bago pa ang pananakop ay may katutubong mga sistema na ang ating mga ninuno. Walang sentralisadong organisasyon o pamahalaan na nagdidikta at namimilit sa mga pamayanan at pamilyang nabubuhay ayon sa kanilang mga otonomiya at pansariling determinasyon.

Ang mga katutubo at komunidad ay may kani-kanyang sistema na nag-u-ugnayan sa pamamagitan ng kalakalan, kasalan, tunggalian at kamag-anakan. Halos walang naitatala ang mga iskolar sa ideya ng pananakop sa pagitan ng mga katutubong komunidad. May mga nagaganap na tunggalian sa pagitan ng mga pamayanan subalit hindi ito naka-disenyo para sakupin at gawing kolonya. Hindi katulad sa misyon at layunin ng mga kanluranin at Europa na manakop at maghasik ng kontrol at mangamkam sa mga lupang ninuno.

[18]

Malinaw na ito ay tumutukoy sa pagiging sentro ng tao. Ito ang paniniwalang ang tao ang may taglay ng katotohanan at panukatan ng mga kaganapan sa sansinukob. Ito ang isa sa nagiging batayan ng tao upang magdesisyon na kontrolin o puksain ang mga hayup, halaman, mineral at iba pang bagay na mahalaga rin sa organikong katawan ng tao.

Ang malawakang pinsala sa kalikasan kung saan dinaranas natin sa ngayon ang mga negatibong epekto ay bunga ng kawalan ng respeto ng tao sa Inang Kalikasan kung saan naka-ugnay ng mahigpit ang ating organikong katawan at *well-being* sa kabuuan.

Ang sulating ito ay walang pagtatangka na magbigay ng absolutong pag-unawa, bagkus, ito ay isang pagtatangka na mag-ambag sa pagpapaliwanag at pag-intindi ng mga alternatibang nagpapatatag sa pananaw na ang TAO AY HINDI SENTRO NG DAIGDIG O NG SANSINUKOB. ITO AY NANININDIGAN NA ANG TAO AY BAHAGI LAMANG NG KUMPLIKADONG EKOSISTEMA NG DAIGDIG. ANG TAO HINDI PANUKATAN NG SANSINUKOB KUNDI PARTE LAMANG NG MGA UMIIRAL NA SISTEMA.

Ginamit nito ang sistematikong lohika ng pag-aaral ng agham upang susugan ang pananaw, ideya at karanasan na ang pag-usbong ng tao at sangkatauhan sa daigdig at sansinukob ay mahigpit na nakaugnay sa samu't-saring organismo sampu ng mga esensyal na bagay katulad ng tubig, sinag ng araw, iba't-ibang klase ng mga enerhiya, hangin at mineral.

**Samakatuwid kung ano ang daigdig, ito ay ang iba't-ibang klase ng sistema na direkta at indirektang magkaka-ugnay kung saan ang tao ay bahagi at parte lang ng mga sistemang patuloy na umiinog bunga ng napakarami at ispotansyong mga proseso.**

Tulad nang nauna ng nabanggit, KAHIT WALANG SALITANG ANARKI,

[3]

ANG DIWA NITO AY UMIIRAL. Ito ay ang relasyon ng mga tao, indibidwal, komunidad, pamilya at iba pang organismo na NAKABATAY SA RESPETO AT KAPWA-TULUNGAN. Ang respeto at kapwa-tulungan ay hindi abstrakto. Ito ay kongkretong relasyon ng mga tao na umiinog sa PAGKILALA NA MAY “IBA”. Bukod sa iyong “SARILI”, may “IBANG” tao, hayup, halaman at mga bagay kung saan mahalaga ang papel upang magtuloy-tuloy ang pag-iral ng isang “sarili”.

*Self-consciousness* ang tawag ng mga pilosopo sa ideya ng pagkakaroon ng pagkilala sa iyong sarili. Nakumpirma at nasiguro mo na ikaw ay may sarili dahil alam mo na may iba. May kaharap ka, may kausap ka, may ka-inter-aksyon ka na maaring katulad mo siyang tao, gumagamit ng salita subalit alam mong malaki ang pagkakaiba niya sa iyo. Sa maikling sabi, hindi ka magiging ikaw, kung wala siya o sila. Samakatuwid, ang pagiging ikaw mo, o ang pagkilala sa sarili mo ay nakaugnay sa pagkilala mo na may ibang tao. May ibang indibidwal na hindi parte ng katawan mo. May sariling katawan, kakanyahan kabilang ang kanyang pag-uugali, mga naiibigan at inaayawan.

**Walang masama na magsimula ka sa iyong sarili.** Ano ang iyong mga interes? Ano ang iyong mga kailangan? Ano ang iyong mga kayang gawin at ano ang iyong mga kahinaan?

Walang perpektong tao. Ito ay isang katotohanan na mahirap pabulaanan. Sa puntong ito, ang isang indibidwal ay may pangangailangan na makipag-ugnayan sa iba. Huwag na tayong lumayo pa, ang indibidwal na iniluwal mula sa sinapupunan ay hindi nagmula sa kung saan. Siya ay bunga ng pagtatalik ng dalawang indibidwal. Maging sa pagkasilang, ang sanggol ay nangangailangan ng pag-aaruga ng kanyang mga magulang. Ang sanggol na ito dadaan sa proseso na magmumulat sa kanya sa mga gawi, pag-uugali, kasanayan, kaalaman, damdamin, panlasa, pananaw at paniniwala mula kanyang mga magulang, kapatid, kamag-anak, komunidad at lipunan. *Socialization process* ang tawag dito ng mga sosyolohista.

[4]

Marami ka pang maibibigay na halimbawa upang pagtibayin ang pagtingin na ang mga institusyon ang nagko-kontrol sa buhay ng mga tao sa lipunan.

Masasabi mo bang ikaw ay may KALAYAAN? Iyo bang nadadama na ikaw ay nabubuhay ayon sa iyong mga kagustuhan at pagpapasya? Nakakamit mo ba ang kaligayahan?

Bilang organikong nilalang, naibibigay ng inang kalikasan ang ating mga batayang pangangailangan. Subalit ang mga pangangailangang ito at ang kalikasan mismo ay kinokontrol ng iilan para sa benepisyong ng iilang grupo ng tao sa mundo. Sa pamamagitan ng mga institusyon kagaya ng estado, simbahan at korporasyon nako-kontrol tayo. Ang mga palatandaan ng kontrol ay kagutuman, kamangmangan, diskriminasyon at digmaan.

### **Ilang tala patungkol sa Estado**

Ang estado ay tumutukoy sa malawakang organisasyon na may sentralisadong pamamahala sa pamamagitan ng gobyerno at ng mga burukratikong institusyon nito. Ang republika ng Pilipinas halimbawa ay may absolutong kapangyarihan sa itinuturing na teritoryo sampu ng mga tao at kalikasan sa tukoy na hangganan nito.

HINDI MO BA NAITATANONG kung saang langit nagmula ang estado at ito ay nagkaroon ng absolutong kapangyarihan sa lahat ng mga bagay at buhay sa mga tukoy nitong hangganan?

[17]

Kung iyong mapapansin, halos lahat ng mga bagay at kaganapan sa iyong sarili at pamilya ay itinakda ng mga institusyon. Tila wala ka ng magagawa kundi sundin at sumang-ayon sa mga sinasabi at pinapagawa sa iyo.

Mula sa iyong pagsilang hanggang sa iyong nalalabing araw sa daigdig hanggang sa kamatayan ang magaganap sa buhay mo ay itinakda ng mga institusyon.

Kailangan ng PERA, upang makarating sa ospital ang nanay mo. Kailangan ng pangbayad bago asikasuhin ng mga doktor ang ina mo upang ilabas ka sa sinapupunan. Kailangan ng salapi upang makamit ang mga pangangailangan upang ikaw ay mabuhay at palakihin.

Paano magkakapera? Kailangan magtrabaho ng mga magulang mo kapalit ng tukoy na halaga. Pagta-trabaho na gagawin mo rin hanggang sa ikaw ay mag-retiro. Halos 80% ng iyong buhay ay ilalaan mo sa pagta-trabaho at ang katiting na oras ang siyang ilalaan mo para sa sarili at pamilya tuwing may mga bakasyon na inaprubahan ng gobyerno o ng boss mo.

Wala ka ring kontrol sa halaga ng iyong sweldo dahil ang magtatakda nito ay ang estado at korporasyon. Wala kang kapangyarihan sa presyo ng mga batayang bilingin dahil ang magtatakda din nito ay ang nabanggit na mga institusyon.

Maging ang usapin ng TAMA at MALI ay isusubo sa iyo. Ang mga bagay na dapat mong gawin at mga hindi dapat igawi ay itinatakda ng mga institusyon. Nakatakda na kung ano ang mga bagay na dapat mong matutunan at malaman at ito ang iyong magiging gabay habang ikaw ay nabubuhay.

Sa ganitong pagpapalagay, ang indibidwal o isang tao ay hindi sumasalamatin ng absolutong pag-iisa. Ang tao kahit sa kanyang pag-iisa ay kumakatawan sa pagiging sosyal o pagkakaroon ng kaugnayan sa ibang tao, lipunan at kalikasan. Sa ganitong pagtingin ang indibidwal ay hindi *isolated* o nag-iisa kundi siya ay parte at may kaugnayan sa kung anong lipunan, kultura at ekosistema man ang kanyang kinabibilangan o pinagmulan. **Hindi ko itinatatwa na maari at may kapasidad mabuhay ang tao ng nag-iisa sa literal. Mainam na iwan ang deisisyong ito sa kanilang pansariling-determinasyon.** Siya ay lalayo sa grupo ng mga tao at mamumuhay ng sarili sa kanyang pag-iisa. Ito ay kanyang pagpapasya, subalit kailanman ay hindi niya ganap na mapapatid ang kanyang kaugnayan sa lipunan. Dahil ang kanyang mismong pagsulpot sa lipunan ay bunga ng pang-sosyal na gawain. Ang kanyang bayolohikal na pangangailangan ay naka-ugnay din sa kanyang likas-na-kapaligiran.

Maganda ang ehemplong tinuran ng isang rusong anarkista na *geographer* na si Peter Kropotkin sa kanyang aklat na *“Mutual Aid: A Factor of Evolution”*. Ayon sa kanya, ang mga uri ng hayup na nabubuhay ng mag-isa o ang istilo ng kanilang pamumuhay ay parating nag-iisa ay mas kaunti ang tsansang mag-*survive* ang kanilang uri. Ayon pa sa kanyang pag-aaral, ang mga klase ng hayup na nabubuhay sa pamamagitan ng pagtutulungan ang may higit na malaking tsansang makapagpapatuloy ng buhay ng kanilang uri at salin-lahi. Tinuran niya na napakaraming hayup at organismo ang nakapagpapakita ng kanilang abilidad na magtulungan kaya marahil napakaraming organismo ang nanatiling buhay at umiiral hanggang sa ngayon.

Ang isa sa mga hayup na ito ay ang uri natin. Kung ano man ang inabot ng “pag-unlad” ng tao; IISA LANG ANG SIGURADO, ANG TEKNOLOHIYA AT AGHAM AY HINDI LANG PRODUKTO NG ISANG TAO O KULTURA. ITO AY NAIMBAK NA KAALAMAN AT KASANAYAN MULA SA KOLEKTIBONG KARANASAN NG SANGAKATAUHAN.

## MAIKLING KOMENTARYO SA DISPALINHADONG PAG-UNAWA SA IDEYA NG "SURVIVAL OF THE FITTEST"

Ang "survival of the fittest" na naunang ginamit ni Charles Darwin ay naabuso bunga ng maling pag-intindi at konteksto. Magbalik-tanaw tayo saglit para lang sa komon na pag-intindi sa ideya ni Darwin ng ebolusyon. Ayon kay Peter Kropotkin ang mga organismo ay dumaan sa mahabang proseso ng ebolusyon bago nakamit ang kanilang mga pisikal na kaanyuan at ang kanilang partikular na "sosyal na kaayusan" sa kasalukuyan. Halimbawa: kung ano man ang ating pisikal na katangian sa ngayon ito ay dahil sa dinaanang proseso ng pagbabago dulot ng kapaligiran at ng taglay din na kakayahan ng organismo na umangkop sa kanyang likas na paligid.

Ang popular na pag-unawa sa kaisipang *survival of the fittest* ay umiinog sa ideya ng pagiging matatag ng isang indibidwal o grupo laban sa iba pa na ka-kumpetensya niya sa mga bagay para mabuhay. Ang ganitong pagsasapantaha ay hindi maiiwasang ILAGAY ANG SARILI SA GITNA O SENTRO. Bilang sentro, ikaw o ang grupo mo ang iisipin mong dapat na magiging prayoridad na mabuhay o mag-*survive* laban sa iba. Sa ganitong pananaw, ituturing mong kalaban at kakumpetensya ang iba na dapat malamangan, maisahan o ang malala ay puksain upang masiguro ang kaligtasan ng sarili at ng grupong kinabibilangan.

ANG GANITONG PANANAW ANG UNANG HAKBANG NG PAGPUTOL MO O NG IYONG GRUPO SA UGNAYAN SA IBA. SA PAG-AAKALA NA ANG KALIGTASAN MO LANG ANG MAHALAGA, ITUTURING MO NA KAKUMPETENSYA O KALABAN ANG IBA. ITO ANG ISA SA MGA UNANG BATAYAN UPANG MAGAWA MONG TIISIN AT TANGGAPIN ANG MASAMANG KALAGAYAN NG IBA. HAHAYAAN MONG MAGUTOM O MAPUKSA ANG IBA, ANG MAHALAGA LIGTAS AT BUSOG KA.

Tanging tao lamang ang may kakayahan na magpatupad ng "kontrol" sa mga likas-na-yaman sa daigdig. Naipapatupad ng tao ang kontrol sa pamamagitan ng HIRARKIYA. Ito ang mga organisado at sistematikong gawain na epektibong nagagawa sa pamamagitan ng mga institusyon.

**Ayon sa isang manunulat na si Naila Kabeer, ang mga institusyon ay ang mga istruktura sa lipunan na lumilikha at nagpapatupad ng mga batas, polisiya at mga patakaran.** Ang malalaki at establisadong organisasyon na may malalawak na impluwensya sa lipunan katulad ng estado, gobyerno, simbahan at mga korporasyon.

Ito ay may pormal at mga nakasulat na polisiya o batas sa porma ng mga konstitusyon, ordinansa at iba pa. Maari din ito ay mga impormal yaong mga nakasanayan, tradisyon at mga nakagawian; hindi nakasulat pero ginagawa at lehitimo kagaya ng pagdiriwang ng mga pyesta, pasko iba pang nakaugalian na.

Ayon pa kay Kabeer, ang institusyon ay may mga sumusunod: **tao**; sinu-sino ang kabilang at hindi? Ano ang katayuan ng mga tao sa institusyon at lipunan? Anu-ano ang mga responsibilidad at pribelehiyo? Makikita ang kategorya batay sa interes, gawain, kasarian at katungkulan ng tao o mga tao. **Gawain**. Ano ang mga *functions* o mga ginagawa ng partikular na institusyon para mapanatili ang kaayusan ng lipunan? Ano ang mga regular na pinagkaka-abalahan nito upang makamit ang kanilang mga layunin? **Rekurso** o resources. Ito ang yaman ng naturang lipunan at paano nito ginagamit at minomobilisa ang rekurso upang makamit ang mga layunin? **Mga patakaran**. Ito ang mga polisiya, batas at kabuuang pattern ng kilos ng mga tao sa loob ng institusyon, ito ang mga gumagabay sa kilos at gawi ng mga tao kabilang ang mga impormal na mga patakaran. **Kapangyarihan**. Abstrakto ang kapangyarihan subalit ito ay may mga kagyat na manipestasyon. Ang impluwensya ay direkta o indirektang nakagpapasunod ng mga tao sa mga nais ng institusyon na maging gawi at kilos ng mga tao.



## ANG WERPA NG MGA INSTITUSYON PARA SA KONTROL AT DOMINASYON

Ayon sa diksyunaryong Cambridge ang kontrol ay: *to order, limit, or rule something, or someone's actions or behaviour* ([https://dictionary.cambridge.org/dictionary/english/control.](https://dictionary.cambridge.org/dictionary/english/control))

Ito ang sapilitang limitasyon ng kilos at mga gawain sa mga tao o hayup sa mga tukoy na lugar. Halimbawa: pagpigil sa pagpasok, pag-okupa, pag-ani o paggamit ng mga biyaya ng kalikasan.

Tanging tao lamang ang may kakayahan na magpatupad ng “kontrol” sa mga likas-na-yaman sa daigdig. Naipapatupad ng tao ang kontrol sa pamamagitan ng HIRARKIYA. Ito ang mga organisado at sistematikong gawain na epektibong nagagawa sa pamamagitan ng mga institusyon.

**Ayon sa isang manunulat na si Naila Kabeer, ang mga institusyon ay ang mga istruktura sa lipunan na lumilikha at nagpapatupad ng mga batas, polisiya at mga patakaran.** Ang malalaki at establisadong organisasyon na may malalawak na impluwensya sa lipunan katulad ng estado, gobyerno, simbahan at mga korporasyon.

Ang ganitong pag-intindi at kaisipan ay namamayani sa mga *mainstream* na lipunan. **Ito ay pinatitibay ng iba't-ibang argumento katulad daw ng limitadong likas-yaman, ispasyo at kakulangan sa mga batayang pangangailangan kaya dapat lang daw na mapuksa ang iba para sa kapakanan ng matitira.**

Ayon sa Institution of Mechanical Engineers o IMechE ay may 2 bilyong tonelada ng pagkain ang nasasayang kada taon (<https://www.theguardian.com/environment/2013/jan/10/half-world-food-waste>). Habang 1.3 bilyong toneladang nasasayang na pagkain naman ang iniulat ng Food Agriculture Organisation ng United Nations o UNFAO (<http://www.fao.org/food-loss-and-food-waste/en/>).

Sa kabilang banda, ayon uli sa UNFAO sa kanilang ulat noong May 2015 ay may 795 milyong nagugutom na tao sa daigdig o isa sa siyam na tao ang nagugutom ayon sa taunang ulat ng UN (<http://www.fao.org/news/story/en/item/288229/icode/>).

Sa Pilipinas ayon sa balita mula sa ABS-CBN, iniulat ng SWS na may 3.1 milyong pamilya ang nagugutom noong unang bahagi ng taong 2016. (<http://news.abs-cbn.com/nation/07/04/16/hunger-affects-31-million-families-in-ph-survey>).

Batay sa ulat ng Asia-Pacific Economic Community o APEC sa kanilang security meeting noong 2015 ay may 33 porsyento ng nalikhang pagkain ang nasasayang (<https://www.pressreader.com/philippines/manila-times/20170210/281547995636040>).

Ikaw na ang bahala sa matematika upang bigyan ng kapaliwanagan ang mga numerong nabanggit sa itaas. Ang nakakatiyak tayo, may sapat na pagkain, isapasyo at mga batayang pangangailangan para sa mga tao at populasyon sa buong mundo, subalit hindi makamit ng higit na nakararaming tao ang mga batayang pangangailangan dahil sa kontrol ng iilan sa pagkain, ispasyo, kalikasan at mga yaman ng lipunan. **NAPAKARAMING SALAPI AT RESOURCES PARA SA DIGMAAN HABANG MILYON ANG NAMAMATAY SA KAGUTUMAN.**

Ang salitang *survival* ay tumutukoy sa pagkamit ng isang sitwasyon na paborable sa isang indibidwal o grupo para mabuhay at maipagpatuloy ang pag-iral. Nakamit niya o nila ang sitwasyon sa iba't-ibang kaparaanan. Ang tunggalian ay isa lang sa mga pamamaraan, maari din naman sa pamamagitan ng pagtutulungan o pakikibagay.

Ang salitang *fit* kung isasalin sa Tagalog ay: akma, angkop, bagay o na-a-ayon. Kung ikaw ay *fit* sa isang sitwasyon, samakatuwid hindi ka OP (*out of place*). Komportable ka sa iyong paligid. Hindi ka OP, ma-*enjoy* mo ang iyong kapaligiran at malaki ang tsansa na manatili ka sa sitwasyon iyong kinalalagyan. Magkakaroon ka ng ispasyo na kinikilala ng iba pang naroroon. Nagawa mong makibagay sa sitwasyon. Survivor ka sa sitwasyong iyon.

Balik tayo survival of the fittest. Sinasabi sa ideya ng "*Natural Selection*" na ang mga organismong higit na makaka-angkop sa kanyang natural na kapaligiran ang siyang mananatili sa ekosistema. Ang mga hayup, halaman o anumang buhay na magagawang makibagay sa kanyang kapaligiran ay hindi mapupuksa. Ulit, ang salitang *fit* sa pagsasalin ay a-akma, ba-bagay, umaayon o a-angkop sa kanyang kapaligiran. Ang pagiging-fit ay maraming kaparaanan na ang ultimong layon ay mag-survive sa natural selection.

Sa madaling sabi, ang survival of the fittest ay bahagi ng proseso ng natural selection kung saan ang mga organismo ay nagpapakita ng kanilang abilidad at pagiging malikhain upang maging angkop sa partikular na sistema ng kalikasan at maging akma ang kanilang istilo ng pamumuhay sa natural na kapaligiran upang masiguro ang kanilang pag-iral at ang buhay ng mga susunod na salin-lahi.

Hindi magbe-benipisyo ang isang uri ng hayup kung ang istilo ng pamumuhay nito ay para lupigin at ubusin ang ibang hayup o sirain ang kanyang kapaligiran.

"I shit on all revolutionary vanguards on this planet"



## MANLABAN SA KOLONISASYON



## HINDI AKO FILIPINO

Sa ngayon ay tanggap natin ang daang-libong pamilya na walang tahanan at gutom. Walang akses sa mga batayang pangangailangan. Tila normal na sa atin na may makitang mga batang namamalimos lansangan, habang sinisisi natin ang mga magulang nila sa pagiging pabaya at tamad; panay naman ang tangkilik natin sa mga pulitiko at mga korporasyon na nagko-kontrol ng mga yaman ng lipunan. Mga tao at institusyon na nagmo-momopolyo hindi lang ng yaman maging ng katotohanan, na kung ikaw ay susuway sa kanilang polisiya ikaw ay iba.

Taliwas sa popular ngunit dispalinhadong paniniwala sa ideya ng survival of the fittest; ang mga buwaya halimbawa ay hindi matakaw o masiba tulad sa pagkukumpara sa mga hayup na ito sa mga pulitiko. Ang mga reptilang ito ay may tukoy na dyeta at sa oras na makamit na nila ang kanilang pangangailangan sa protina sila ay titigil na sa pagsila ng ibang hayup. Ang mga *predators* o mga hayup na nag-ha-ha-hunting ay AY HINDI PARA LIPULIN ANG IBANG HAYUP. Hindi magdudulot ng benipisyo sa mga *predators* o mga hayup na kumakain ng karne na ubusin ang kanilang pinagkukunan ng protina dahil hindi ito magsisiguro na mabubuhay ang mga susunod na henerasyon ng kanilang uri. Hindi ko sinasabing mulat o *conscious* ang mababangis na hayup sa pagiging sustainable ng kanilang supply ng pagkain; wala akong paraan para ma-beripika ito; ngunit natitiyak kong may tukoy na hangganan ang kanilang dyeta, ang hangganang ito ay nagtitiyak na hindi malilipol ang iba pang organismo.

Sa pagsusuma, higit na marami at iba't-ibang uri ng organismo ang nakikinabang sa diwa ng kapwa-tulungan. Mga insekto, isda, insekto, mamal, reptila ibon at napakarami ang nagawang maipagpatuloy ang salin-lahi ng kanilang uri dahil sa kapasidad nilang magtulungan. Maaring pakikipagtulungan sa kanilang katulad na hayup (*species*) o pakikipagtulungan sa ibang uri ng hayup. Sa kabilang banda ang syensya ay nagkategorya ng *ecological relationships* at ang kooperasyon ay isa lang sa mga ugnayang ito ng organismo. Walang intensyong pasubalian ng sulating ito ang standard na itinalaga ng syensya, sa halip, nais lang palawigin ng sulating ito ang papel ng kapwa-tulungang relasyon ng mga organismo sa mga ekosistema.

Sasabihin ng mga pantas na *instinct* ang dahilan kung bakit ang mga hayup ay nag-aaruga ng kanilang mga anak. Hindi naman sa pamimilosopo, naging manok ka na ba para maintindihan mo kung bakit naglilimlim ang isang inahin? Ano kaya ang tumatakbo sa maliit na utak ng inahin na ito at matapos mapisa ang mga itlog at lumabas ang mga inakay ay kinakalinga ang mga sisiw hanggang sa sumapit ang panahon na kaya nang magsarili ng mga batang manok?

Sa kabilang banda, may iskolar din na nagturan na ang mga prosesong ginagawa ng mga hayup upang maituloy ang susunod na salin-lahi ay hindi lang simpleng instinct. Ito raw ay kolektibo rin nilang karanasan na ipinamana sa kanila ng kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng kanilang mga DNA (*deoxyribonucleic acid*).

Ating pag-isipan. Ang dispalinhadong paniniwala sa survival of the fittest ay hindi nagdudulot ng benepisyong sa mga organismo at sa ating daigdig. Ang balikong interpretasyon sa pananaw na ito ang siyang pundamental na tungtungan ng KAPITALISMO at KASALUKUYAN NATING KULTURA.

Sa ngayon ay tanggap natin ang daang-libong pamilya na walang tahanan at gutom. Walang akses sa mga batayang pangangailangan. Tila normal na sa atin na may makitang mga batang namamalimos lansangan, habang sinisisi natin ang mga magulang nila sa pagiging pabaya at tamad; panay naman ang tangkilik natin sa mga pulitiko at mga korporasyon na nagko-kontrol ng mga yaman ng lipunan. Mga tao at institusyon na nagmo-momopolyo hindi lang ng yaman maging ng katotohanan, na kung ikaw ay susuway sa kanilang polisiya ikaw ay iba.

Ang paniniwalang naka-sentro sa tao at sarili ang siyang tungtungan ng kasalukuyang mainstream na lipunan. Lipunang ang layon ng bawat indibidwal o grupo ay mapunta sa tuktok ng hirarkiya. Alam mo na ang ibig sabihin ng nasa tuktok ng kapangyarihan. Ikaw ay boss, may pribelehiyo at may kontrol sa mga yaman ng lipunan at kalikasan.

[10]

Alam naman nating lahat na ang daigdig ay *finite*. Ang ibig sabihin may hangganan o may tukoy na limitasyon. Ang mga likas na sistema ng mundo ay may takdang limitasyon sa usapin ng maibibigay nitong pagkain, tubig, ispasyo at hangin upang suportahan ang mga organismong umiiral sa iba't-ibang uri ng *habitat* o natural nilang tirahan.

Sa karanasan, ang kalikasan sa iba't-ibang anyo nito ay komon na pinakikinabangan ng iba't—ibang organismo. Sa sistema ng kalikasan, walang masasabing may iisang klase ng organismo ang nagdo-domina sa isang tukoy na ekosistema. May mga hayup sa gubat o sa dagat na pangigingilagan ng iba pang mga hayup, subalit ang mga mababangis na hayup na ito ay hindi para “pagbawalan” ang iba pang mga hayup na gamitin at pakinabangan ang biyaya ng kalikasan. Ang grupo ng lobo halimbawa ay magiging aktibo lang sa pangangaso kung sila ay gutom na at kailangan sustentuhan ng protina ang kanilang populasyon. Gayundin ang malalaking klase ng pusa na higit na nagiging mabangis kung gutom at kumakalam ang sikmura. Ngunit kahit gaano kabangis ang hayup, hindi ito masasabing nagkokontrol sa partikular na lugar. Maaring pangigingilagan ang particular na pook kung saan naroroon sila, subalit patuloy pa ring makakagala at makikinabang sa kalikasan ang iba pang mga organismo.

[11]